Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-05 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 29-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY PAHINTULOT AT KAPANGYARIHAN SA IGINAGALANG NA PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN NA LUMAGDA AT PUMASOK SA ISANG AMENDED MEMORANDUM OF AGREEMENT (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NG MALOLOS AT NG LAND BANK OF THE PHILIPPINES-MALOLOS PLAZA BRANCH PARA SA LIVELIHOOD LOAN SYSTEM (LLS) PARA SA MGA OPISYAL AT KAWANI NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD, UPANG MAPALAWIG ANG PANAHON NG PAGBABAYAD NG LOAN NG MGA KAWANI SA PAMAMAGITAN NG ELECTRONIC SALARY LOAN (ESL) MULA TATLONG (3) TAON PATUNGONG LIMANG (5) TAON.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

SAPAGKAT, itinatakda ng batas na bago pumasok at lumagda sa isang kasunduan ang Punong Lungsod, maging ito ay pabor sa interes ng Pamahalaang Lungsod, ay nararapat lamang na siya ay mapagkalooban ng karapatan at kapangyarihan ng Sangguniang Panlungsod;

SAPAGKAT, nagkaroon ng sulat kahilingan ang Kagalang-galang na Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian, sa bumubuo ng Sangguniang Panlungsod hinggil sa "Salary Loan Program for Officers and Employees" sa ilalim ng Livelihood Loan System (LLS) at ang kaugnay na Kasunduan sa pagitan ng LBP at Pamahalaang Panlungsod para dito;

SAPAGKAT, ang inihahaing programa ng LBP na Livelihood Loan System (LLS) patungong Electronic Salary Loan (ESL) ay makatutulong sa mga kawani ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, ipinagbigay-alam ng land Bank of the Philippines ang naging kapasyahan ng pamunuan nito na mapalawig ang 'repayment term' ng salary loan buhat sa dating tatlong (3) taon patungong limang (5) taon sa ilalim ng Electronic Salary Loan (ESL);

SAPAGKAT, batay sa itinatadhana ng Seksyon 22 ng Republic Act No. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng Pilipinas, na ang pamahalaang lokal ay maaaring pumasok sa isang kasunduan sa pamamagitan ng punong ehekutibo sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng Sangguniang Panlungsod ukol dito;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

DAHIL DITO, sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng ditoý ginagawang pagpapasiya na binibigyan ng pahintulot at kapangyarihan ang Iginagalang na Punong Lungsod - Inh. Gilbert T. Gatchalian na lumagda at pumasok sa isang Amended Memorandum of Agreement (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Panlungsod ng Malolos at ng Land Bank of the Philippines-Malolos Plaza Branch para sa Livelihood Loan System (LLS) para sa mga opisyal at kawani ng Pamahalaang Panlungsod, upang mapalawig ang panahon ng pagbabayad ng loan ng mga kawani sa pamamagitan ng Electronic Salary Loan (ESL), mula tatlong (3) taon patungong limang (5) taon.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo